# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN
## Sta. Cruz, Laguna

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG PEBRERO 15, 2021, LUNES, IKA-09:19 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA

DUMALO:

Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban ..... Kagawad
Gumanap na Tagapangulo
Kagalang-galang Louie C. De Leon ..... Kagawad
Kagalang-galang Lea A. Almarvez ..... Kagawad
Kagalang-galang Ramon D. Tan ..... Kagawad
Kagalang-galang Mark Anthony P. Joven ..... Kagawad
Kagalang-galang Efren L. Diaz ..... Kagawad
Kagalang-galang Lucena R. Odejar ..... Kagawad
Kagalang-galang Alan T. Pamatmat ..... Kagawad
Kagalang-galang Patrocinia S. Kalaw ..... Kagawad/ABC Federation President
Kagalang-galang Regine S. Regalado ..... Kagawad/ SK Federation President

DI-DUMALO:

Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN ..... PANG. PUNONG BAYAN (nagpaalam)

**KAPASIYAHAN BLG. 113-T2021**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG TAUNANG BADYET PARA SA TAONG 2021 NG BARANGAY POBLACION II, BAYANG ITO NA NAGKAKAHALAGA NG TATLONG MILYON TATLONG DAAN ANIMNAPU'T LIMANG LIBO LIMANG DAAN SIYAMNAPU'T DALAWANG PISO (P3,365,592.00) NA PINAGTIBAY SA BISA NG KAPASIYAHAN BLG. 161-T2020/ KAUTUSAN SA PAGLALAAN BLG. 16-T2020.**

**SAPAGKAT**, iniharap at tinalakay ng sangguniang ito ang Kapasiyahan Blg. 161-T2020 / Kautusan sa Paglalaan Blg. 16-T2020 ng Sangguniang Barangay ng Poblacion II para sa taunang badyet taong 2021 ng nabanggit na barangay;

**SAPAGKAT**, ito ay dumaan sa pagsusuri ng Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan at Lupon sa Barangay Affairs ng Sangguniang Bayan.

**SAPAGKAT,** matapos ang pagtalakay at malaman ang isinagawang badyet para sa mga pantauhan, pangkagamitang pangangailangan at mentinansya ng barangay ay inirekomenda ng Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan na pagtibayin na ang Taunang Badyet ng nabanggit na barangay;

**SAPAGKAT,** anuman ang gawing pagbabago at paglalabas ng pondo ay pananagutan ito ng Sangguniang Barangay ng Poblacion II.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO**, sa mungkahi ni Kagalang-galang Louie C. De Leon (Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan), na pinangalawahan ng lahat ng kasapi ng Sangguniang Bayan, ay

**PINAGPASIYAHANG**: Pagtibayin ang Taunang Badyet para sa taong 2021 ng Barangay Poblacion II, bayang ito na nagkakahalaga ng P3,365,592.00 na pinagtibay sa bisa ng Kapasiyahan Blg. 161-T2020 / Kautusan sa Paglalaan Blg. 16-T2020.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos at Sangguniang Barangay Poblacion II, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Pebrero 15, 2021**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**MARIA TERESA ROBLES-LABOG**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

**KGG. AMBIEL JOHN C. PANGANIBAN**
Kagawad
Gumanap na Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**KGG. EDGAR S. SAN LUIS**
Punong Bayan